

Paglilipat ng FICEC at pagkakaroon ng mga pagbabago at iba pa

Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC) ay lumipat

Pagbubukas ng International Cultural Exchange Salon

Sa kasalukuyan, 123,000 na dayuhan mula sa 147 na bansa ang naninirahan sa Saitama Prefecture. Three-fourths sa kanila ay permanenteng residente o fixed domicile residents, na bumubuo ng higit kumulang sa 1.7% ng populasyon sa Saitama Prefecture. Ito ay nangangahulugan na isa sa bawat 58 na tao ay dayuhan sa probinsya ng Saitama.

Mga 20,000 dayuhan ang naninirahan malapit sa Tobu Tojo line. Sa kabila nito, walang lugar na mapagpupulungan para sila ay masuportahan. Kung kaya't ang FICEC ay lumipat noong Hulyo, malapit sa Kamifukuoka Stn., 4 min na lakad. Inaanyayahan ang lahat!!

Pagbubukas ng cultural exchange salon para sa mga dayuhan at mga lokal na mamamayan

- (1) May bulletin para sa trabaho at mga mahahalagang impormasyon.
- (2) Para makipag-usap at masayang makipagkaibigan sa mga dayuhan.
- (3) Para sa mga dayuhang hindi pa gaanong nasasanay sa buhay dito sa Japan
- (4) Isang masayang lugar para sa lahat para sa pag-uusap at palitan ng kuro-kuro habang nagkakape. (¥100 per cup)

● Japanese language class tuwing Huwebes gaya ng dati

Malaking ginhawa na matutong makabasa at makasulat ng Nihonggo. Mas madaling maihingan ng payo ang inyong alalahanin kung masasabi ng maigi ang inyong kondisyon sa Nihongo. Handang tumulong sa inyong pag-aaral ang mga volunteers. Libre ang pag-aaral.

● Pag-aaral ng iba pang mga wika

Nagbabalak din kami sa FICEC na magbukas ng klase sa pag-aaral ng Ingles, Chinese, Korean at Filipino. Gayundin ng pagluluto ng pagkain ng iba pang mga bansa, atbp. Nais naming mapakinggan at malaman ang inyong ideya at kuro-kuro. Halina at bumisita sa bagong FICEC!

● Para rin sa mga bata

- (1) Ang mg bata ay maaaring mag-aral at magtipon tipon dito.
- (2) Maaaring magkonsulta tungkol sa pag-aaral at pagpasok sa mataas na paaralan
- (3) Para magabayan sila sa pamumuhay, pagkakaroon ng trabaho at upang maging mabuting mamamavan.

● Konsultasyon para sa mga dayuhan

Maaring ikonsulta ang mga alalahanin gaya ng ukol sa bata at kung kayo ay malapit ng magka-anak. Sa abot ng aming makakaya ay handa kaming magbigay ng payo at mga paalala. May serbisyo din ng pagsasalin ng iba'ibang sertipikasyon sa murang halaga, mula ¥1500, pagpagawa ng sulat, ¥1000 atbp. Sa pakikisalamuha sa ibang tao matututo tayo ukol sa pamumuhay dito sa Japan.


● One coin café salon

Makipag-kuwentuhan habang umiinom ng kape o tsaa at kumain ng cookies. Ang benta ay gagamitin sa panggastos ng center. Pumunta at magsama ng mga kaibigan o kahit mag-isa lang para ma-relax. Nag-iisip din kami ng iba pang pangalan para dito, baka may ideya kayo...

Bagong address: 5-4-25, Kamifukuoka, Fujimino-shi
 Tel: 049-256-4290 (hindi nagbago ang tel. no.)

4 min na lakad mula
 west exit ng
 Kamifukuoka Station
 (Tobu-tojo line)

ちゅうしゃじょうはありません
 ちかくのコインパーキングPをつかってください



Pasasalamat sa marami na dumalo at nakiisa noong [Thank you Party]

Noong 2013, tatlong masasayang pangyayari : pagbibigay ng paranggal ng foreign minister sa FICEC sa mga gawaing pang kulturang internasyonal. Ang pagdiriwang ng ika 200 na isyu ng magasin ng gabay sa pamumuhay na nakasalin sa 7 wika na bihira maging sa buong Japan. Gayundin ang pagkilala bilang NPO ng Saitama Pref., isang karangalan sa dahilang mas mabibigyan pansin ng sistema ng buwis ng bansa. Kung kaya't para ipagdiwang gayundin ang pasasalamat sa nakakarami ay tinanghal ang nasabing kasayahan. Dumalo ang city mayor ng Fujimi-shi, at marami pang iba sa party na ginanap sa Fukutopia sa Fujimino city noong June 15. Ang mga pagkaing handa ay ginawa ng mga dayuhang residente. Natuwa din ang lahat sa naiibang katutubong sayaw.

